—¿At anó ba ang *manggugupit?*—ang tanóng ko.

—Isáng pangsiphayo sa kanya, na totoong di niya makainkain, kahi't Diyos man yata ang sa kanya'y magpamukha. Paano'y masaklap na masaklap daw sa kanyang lalamunan. Kaya ipinagbábaba niya ng balagwit ...

—¿At bakit namán? ¿Bakit, sa iya'y wala namáng kahulugan?

—¿Wala?... Eto po ang hiwaga niyan. Iyan po ay isang nagmámagaling na lalaki: umano'y *periodista*, bago'y *birobiro* lamang.

—¿At bakit namán *birobiro*?

—Sapagka't ¿hindi pa ba ninyo nalalaman?... na ang tao pong iyan ay isang mapag *perioperiodista*, bago'y walang nalalaman kundi gumupit sa ibang páhayagan. Kaya galit na galit siyang tawaging manggugupit»... Ilan nang ulit nahuli siya; animo'y isang mapagplahiyo na di makatiis, ó isang mangkukulam na di mátali, at iginigiit din ang panggugupit.

¿Katunayan?

—Eto, tingnan mo:—at dinukot sa bulsa ang *Memocracia.*—Ito ang sinusulatan niya. at masdan ninyo't pag di ito, at ito, at ito, at ito, at ito, at ito, at ito, at ito, at ito, at ito... at ito pa man din, ay kung di pawang gupit lamang sa pahayagang kinagagalitan niya ...

—¡Sus-mario-sep! ¡qué *guntingero* nga naman! ¡¡Labing isang-lahat ang malaki't munting *suelto't gacetillang* ginupit!! ¡Ito'y *escandaloso* na!

Opo, *escandaloso*; kaya nawika ko tuloy noon sa sarili na.

—Walang nagagawang iba marahil si kaibigang Pepe kundi maghasa ng gunting, araw-araw, oras-oras, minuminuto at segusegundo, pagka't upang makagupit ng ¡labing isa! sa araw araw ng ano mang pangpuno sa pahayagan, ay kailangang ihasa tuwi na ang gunting upang huwag pumurol...

SALABAY.

Kandidaturang nabugók

——(:)——

Napariwará na naman ang mga matatakaw sa katungkulan.

Asang ása pa naman silang *makádidisgrasiya* na ng kahit anóng butóng pinakuluán sa palayok ng presupuesto dahil sa bill ni Adriático, at hindi pinagtibay ng Comisión ng *kompormeng komporme* ang tinurang bill.

Kay sámá nga namang palad ng iláng *aspirautes eternos*. Bahagya pa lamang siláng nakababanaág nang kaunting aliw ay dalidaling pinagúulapan ng pagasa.

Kundanga'y malayo pa ang araw ay inaasáasám na ang katungkulan!

Noon lamang linggo, upang kayo'y maniwala, ay ganitó ang sabi ng isang kandidato sa pagaalkalde sa kaniyáng mahal na kabyák.

—Magtiis tiis ka na Mensiya sa kahirapan nating itó at may araw ring tayo'y giginhawa. Pagiral na pagiral ng bagong utos tungkol sa Munisipyo ng Maynila, ay asahan mong na sa kamay ko na ang alkadía. Para eso, may miting kami gabi gabi.....

—Hús siya ka na nga ay, miting ng miting ang sinasabi mo ay wala namang makinig sa inyóng mga sinásalitá. Di kayo'y nagpapagod lamang niyán ng walang kasaysayan.

Hayaan mo, ganoon nga ang *pulítika*. Kahi't nararamdaman mong tila ayaw sa iyo ang tao, ay tuloy rin ng tuloy. Sa huli na magkikilala. May pinagpaguran ba namang hindi natamó. Hindi mo ba nalalaman iyong kasabihang: waláng matigás na babae sa matiyagáng lalaki. At ikaw ba nama'y ayaw ka pa noong ikaw eh dalaga.. ...

—At anó, anó, ako ba'y makukuha mo kundi mo dinaán sa gayuma—ang galit na galit na salitá ni aling Mensiya.—Dahil nga lamang sa gayuma mo, kaya ko nalimutan tuloy si Igé na siya kong talagang inibig at iniibig....

—Há ano, iniibig mo pa pala si Igé?

At ang salitaan nilang nagsimulá sa politika ay natapos sa paninibughó ng kandidato sa alkalde na hanga ngayo'y may samá pa ng loob sa asawa.

At lahat ay dahil lamang kay Igé, isa ring kandidato sa pagaakalde at matagaltagal nang inilalakad ng kanyáng mga kaibigan.

Ito namang si Igé ay mabaít sanang tao, waláng kibó at sa lamók man ay hindi ko nákitang nabugnót kahi't minsan.

Datapwá, mulá ng maging kaibigang matalik ng sabungerong si Ambó, ay nagkabagong mga isipan atnatuto na, hindi lamang ng sabong, kundi ng paghaham bog pang aral din kay Ambó.

Datidati kung bigyan siya ng magandang araw, ay pangiti pang sumásagót ng magandang araw po namán, nguni't mulá ng magsamá kay Ambó ay hindi na.

Bigyán mo ng magandang araw, at padarág kang sásagutín ng: ¿anó ang ibig mo?

At hindi itó lamang kundi nahawa palibhasa kay Ambó, ay hindi mo na makausap na mabuti. Walang lamán sa ulo, gaya rin naman ni Ambó, kundi ang paghanap ag manók na kambusa na ipinagpauna pa kung minsan sa *pagmumuñir* ng kanyáng *kandidatura.*

At lalóng lumalá ngayong maalaman niyáng hindi pala matutuloy ang paghahalalan pagka't siyáng minabuti ng Comisión.

—Tingnan mo nga naman itóng tao ang wiká niya sa akin isáng araw na magkita kami.

—Bákit,—ang tanóng ko—may kumutós ba sa iyo?

Hindi naman, kundi dahil sa bill Adriático.

—Ah, dahil ba sa iyóng kandidatura? Ang balita ko'y malakás ka kay sa lahat!

—Oo nga, ngunit itóng hindi lamang pinagtibay ng Comisión ang paghahalál sa Alkalde.

—Siya nga palá. ¡Sayang ano?

—Nakú sinasabí ko sa iyo't para akong kinukulugán Mabuti pang namatay ang biyanán ko at di sasamá ang aking loob oo!

—Kun ganoón pala'y nagpipighati ka.

—Sabihin pa kaibigan. Minamana mo itóng inaasámasám ko na ang alkaldía. Talagáng ganitó nga yata ang sinásamáng tao. Ako pa namá'y nakabili na ng frac na isusuot sa araw ng pagtoma--posesión. Binibiro mo yatá ang nagugugol ko na dahil sa kandidaturag ító.

—Kun gayon kaibigá'y pinakikidamayan kita. Kay daling nalagas sa tangkay ng iyong mga pag-asa!

—Ay siya ngá kaibigan— at ang kandidatong bugok ay lumayó na sa akin.

Iyon pala ay tuloy tuloy na ngang umuwi at pagdating sa kanila'y diniskursuhan ng ganitó ang kanyang mga kasama sa bahay.

Señoras, señores: ang alkalde pong nagsasalitá ngayan ay isa pong bagóng halál lamang, kaya po siya ngayon ang alcalde. (Ang ganitóng masagwáng paggamit ng *po* ay namana niya sa mga *oradores* diyang tatlo sangkuwalta).

Ako po ngayon ay may inaakaláng gawíng isang bagay na malakí, singlaki po nitong bubungan namin, ganito po kalaki ay—(at sa masamang palad dahil sa káseseñas niya ay natabig ang biyanan).

Sa kagalitan nitó, bakit nga yamot na kay Igé dahil sa pinunó ng *pó* ang kanyáng discurso, ay hinánbalos ng hawak na languwáy ang maginoong *alkalde po* na ng magkagayon na'y waláng minagaling kundi tumalon sa bintana.

At ngayon si Igé, ang kandidatong bugok, bukod sa di na nakatikím ng butóng may utak, ay pipiláy piláy pa mandin pagka't náipitan ng ugát sa pagkakatalon sa bintana.

MARTINO ORAPRONOBIS.

Uliran ng magnobyo

——oxo——

Nang dumating noong huwebes ng hapon, Korpus, si Polonyo, sa bahay ng kanyang mutyang si Akang, ay nakatayo ito sa may tarangkahan at hihiniyiniksik sa lugay na buhok.

Pusturang-pustura ang binata at nakabastón pa; at ang dalaga naman ay naka-kamiseta lamang, na parang may sampu nang anak ang ayók:

—Onyong —ang pasalubong na bati—mabuti't dumating ka nang maagá-agá pa. Maanong hingutuhan mo nga akó at totoó lamang makatí itóng aking ulo.

—Saán ba? sa itaás ó sa ibaba?

—Doón na sa itaás, maliwanag naman doon eh.

—Sino ang tao roon?

—Wala, ang nanay ay napasa pangginge pagkakain ng tanghali. Gabí na ang dating niyón.

—Tena.

—Tena.

Umakyát na ang dalawáng magnobyo. Pagkaiwan sa labás ng bastón at sambalilo ni Polonyo, ay tulóy na silá sa loób. Si Akang ay umupo sa isáng bangkong na sa tabing bintana, at si Polonyo namán ay nupô sa dakong likód, at hiningutuhan na nga ang nobya.

—Sa bawa't kuto kong mákuha, anó ang ibábayad mo?—ang tanóng ng lalaki.

—Isáng tagihawat mo namán ang aking títirisín, nang ang mga sinta mo'y makalabás.

—Sa bawa't kayumad?

—Isáng kukó mo ang aking púputulin, nang di nápakatutulis.

—Sa bawa't lisâ?

—Maubos mo lamang ang mga lisâ ko, ay súsuklayán namán kitá, hanggáng masimót ang iyóng mga balakubak, at nang hindi napákainit na parati ang ulo mo.

—Dala, *trato* tayong ganyán, ha?—ang payag ni Polonyo—Baka mo akó súsubain?

—Oo, hindi.

—Anóng oo-hindi?

—Oo *trato* tayo, at hindi katá súsubain.

At nagsimula na ang dalawá sa pinagtratuhan.

Sukláy, suyod, tirís. Si Akang ay halos mákatulog sa pagkáwilí.

Nang malaón-laón na sa gayón, ay nagreklamo na ang binata, at nagsabing "siyá namán, pagka't gágabí na".

Si Akang naman ang siyáng gumanap nga.

Tirís ng tagihawat, putol ng kukó, at kayod sa balakubak.

Madali't salita ay wala namáng nanuba ni násuba sa trato.

—Amóy surot ka—anáng babae, mapamaya-maya.

At nátama-tamaan nga ng matá ang dalawáng surot na nagsusuwagan sa may balikat ng amerikana ni Polonyo.

—Kung saan ka na yata nanggaling, kung kaya may surot kang dala-dalá ah.

—Hú! iyán lamang ang nakákahirap sa iyó eh, patí surot ay kinakíkkitaan mo ng kalaban. Tila ka si Dr. Gómez na patí sa anino niyá ay nakikipagpáligsahan.

—Hindi't wala namang surot dito sa amin, wala ring surot doon sa inyó, ay anó't...

—Bakit mo nálamang walang surot doón sa amin?

—Sapagka't nang akó'y matulog doón ay walang kumagát sa akin magdamág.

—Kaya ka lamang hindi kinagát noón, ay sapagka't nálalaman ng mga surot na hindi tayo nákakatulog noón.

—Bueno, kung gisíng tayo'y gisíng!—ang payamót nang sabi ng dalaga, habang amóy ng amóy sa dalawáng surot na tinirís.

—May sigarilyo ka ba riyán?—ang patuloy na tanóng ni Akang.

—Mayroón at binigyán namán ng binata.—Nguni't ikáw namán ang labát na ng bisyo'y una sa iyó. Baka kung tayo'y mák sál ay sungayan mo namán akó.

—Eh di akó namá'y iyó ring sungayan: magsungayán na tayo, ha?

—Ang lelong mo.

—Lalo na ang lelong mo.

—Ang lelong ko't lelang mo, nagsaksakan ng halo; nang matalo ang lelong mo nagtatakbó sa kombento.

—Ang iná mó.

Namulá si Akang:

Ah, iyán ang puera na sa biruán: ang iná ko ay huwág mong mádalirot. Kung ang iná mo'y hindi mahál sa iyó, ang iná ko'y mahál sa akin.

—Nakú, nápakasuplada ka namán.

— Suplada nga, eh anó sa iyó?

—Kamala-mala mo, para nábibiro ka lang eh...—nápakagallitang babae itó!

—Ang iná mo ang gallita.

—Lalo ang iná mo.

— Lalo ang iyó....

At nagsábukayan na po ng tampál ang dalawá, hanggáng nahulog kapwa sa bangkô...

—Hoy, anó ba kayóng dalawá?—ang sa paggibík ko'y násabi sa nagbábangay—kangina lamang na magdaán akó sa tapát niyó ay naghihingutuhan pa kayó, eh ngayó'y ganyán na ang inyóng ginágawa?...

Sabóg-sabóg na ang buhók ng babae at patí kamiseta'y luray-luray pa; at ang lalaki namá'y parang binabag ng tigre. Nang malingunan akó ng dalawá ay nápahiya ng gayón na lamang. Kapwa nagtatakbó sa silíd at... hindi na lumabás ang dalawá, aywán kung nagkásundo na silá roón,..

TENGKELENG.

Nakita ko si...

——(:)——

Opo; nababalitang nagkakandagalit daw kahapon si Dr. Alamáng. Galit na galit sa mga pederal diputado, lalonglalo na kay G. Dorillo, dahil sa yamang nagkakahigpitan na rin lamang ay kung bakit nagsibotó pa ng *en contra* sa paghingí ng Pagsasarilí.

—Qué... qué... qué... popopopoco políticos! -anyá—¿anó't kakakakapit pa sa baro ni Tio Sam, kulang dln lamang ng paglingap itó?

Nguni't, huwag kayo; at kanina'y nakita ko na namáng masayá ang mukha, at kayakapyakap ni Gobernador Smith. At narinig kong ipinaghuhumiyaw ang ganitó:

—No ser, no ser: yo yo yo no he dicho tal kuskus-balungos. Ako'y lumagpak man, pederal din aaaako, at sapagka't ako'y pederal ay kaayon ako sa polítika nina Dorillo.

Noon di'y nakita kong umumis si Gobernador Smith at patalikod na ngumiti. ¿Anó kaya ang hiwagang binabalot ng ngiting itó? Itanóng ninyo kay Mr. Smith.

¡Ah! hintay muna: yayamang napaguusapan na rin si Mr. Smith ay sasabihin ko na ang tungkol namán sa kanya'y nababalita ko kahapon din. Pagkaalam na pagkaalám daw na inihayag ng Asamblea ang karapatán at adhikang magsarili ng bayang pilipino, ay tila nabuluhan ng Lipang kalabaw. Kamot nang kamot sa ulo, sa mukha, sa liig sa bombo, *este*... sa tiyan, sa likod, sa hita at sa bay... wang.

At di lamang iyan. Kahapon nama'y nakita kong nag-uusap ang dalawang diputado.

—¿Bakit ba kayong mga pederal ay tila paungól, palabás sa ilóng, at naúumid sa pagboto laban sa pagsasarilí?

—Paano'y ibig din namin ito; nguni't *por... político* ay di kamí makalantad.

—¡*Ya... ya .. yayayaya!*

At nakita kong ang *Memocracia* ay nagbitiw na naman ng isang... *solemne barbaridad.*

—Este retrato es de un parecido exactísimo. Pero tiene un defecto.

—¿Cuál?

—Te ha favorecido un poco.

—Envidiosa! Mi novio dice que estoy muy bien.

¡Es claro! Ese es el mérito de los retratos que hace Joaquin Reyes, Exactitud y belleza. Yo tambien pienso retratarme alli.

—Buena falta te hace para pescar novio. Joaquin es nuestro San Antonio.

San Roque 42—Sta. Cruz



—¡Hola! tú por aqui?

—Acabo de llegar por el último tren.

—Vienes por negocios ¿eh?

—Sí, vengo á encargar trabajos de imprenta de mucha importancia y á comprar estuches, marcos artisticos, y una infinidad de objetos análogos, Pero te confieso que no sé á donde acudir. Esto me tiene muy preocupado.

—Pues, no hay que apurarse. Precisamente ahi tienes á Isidro Morales, cuyo establecimiento no tiene rival.

Plaza Miranda 13 al lado del Kiapo Salon. Antes Crespo 101.

JAMON PIÑA—Nosotros, si, que no tenemos mucha quebradura de cabeza, como otros mortales,.....

JEREZ SPORTMAN—¿Por qué?

JAMON PIÑA—Porque no tenemos más que una sola preocupacion, la única.....

JEREZ SPORTMAN—¿Cuál es?

JAMON PIÑA—La de que el buen Heiser no nos deje entrar en estas Islas donde hoy nos consumen en grande.

BOREAL STUDIO

B. GOMEZ Y C.A

JOLO 313

—Ahora ya podemos retirarnos á nuestra casa. Soy feliz.

—No, no; ante todo debemos ir á retratamos.

—Bien. ¿A qué fotografía?

—A la mejor: al "Boreal Studio"

Adios, Peping.—Hola, Berto. De donde vienes?—chico, he recorrido todas las grandes librerias en busca de algunas obras que vi en tu valiosa biblioteca, y no las encuentro.—¡Que habias de encontrar en las grandes librerias, si todas las obras que tengo las compro de la pequeña libreria MANILA FILATELICA, situada en la Calle Soler, N.o 453, Sta. Cruz!—¿Pero es posible que siendo tan pequeña dicha libreria, pueda traer obras tan útiles é interesantes y las lujosas y grandes librerias, Nó?—Esa es la razon, porqué MANILA FILATELICA se ha hecho muy popular y la más favorecida por nuestros intelectuales. Yo me he propuesto á no comprar nada mas que en dicha libreria y te aconsejo hagas lo propio, por varios motivos, que otro dia te diré. Conque no te olvide de mi encargo y adios.—adios, Berto, y gracias —

¡¡SORSOGUENAS!! ¿Quereis ser elegantes en el vestir? Comprad trajes bordados á Maquina SINGER que confecciona.

"LA PAKENA"

Calle Sorsogon, 57. Sorsogon. I. F.

IMPRENTA "LA ROSA"

Crespo N.o 15 Kiapo. Manila

Los que deseen impresiones á precios baratisimos, sirvanse acudir á dicha imprenta, que hace los trabajos á conciencia.

Anya:

—«Ang kágawarang ito (ng **Paggawa**) na *katatatag* ¡a lamang ay naulinig naming pamamatnugutan ng isang amerikano».

¿Katatatag pa lamang? ¿Kailan?

¡Hats'! ¡hatsiiiii!

Testarudo nga naman ito.

Kaya laging natutuktukan ni Inocencio Dilat at ni Talibóng...

BARBARIDAD.

⚜ ⚜ ⚜

Mga bitukang... sandat

—=(o)=—

Kay DUKHA

Ngayóng ang dináranasan
ng MARAMI'Y pananalát,
¿di ba marapat malaman
ang ÍILANG mapapalad?
Sapagka't di ba totoó
na kapág may *tiyáng* gutóm,
ay meron din namáng *peho*
na mga *tiyáng*... ga-bakol?
Ang dito ngayo'y bundát na
bundát, sa pananalapi,
ay ang *sulestika't trámbiang*
mga *linta* at lagari.
Ang Atlantik Gulf Company
na *barát* kung sa pag-upa,
at ang mga comercianteng
kung magtubo'y *dubli't dublá.*
Sunód diyán ay ang *pero-karil* na lubhang pabaya,
kung sumingil ay *estricto*,
nguni't ¡oh... kakutya-kutya!
May *bataáng* malilikót
may mga *bulók* na *bagón*,
kaya, ¡naku, mari-hesos!
di na nawalán ng tutol
Ang telefonong empresa'y
isá pa sa *kapilyuhan*,
¿anó ba't kung minsa'y tangá't
sa tawag ay walang malay?
Minsán namá't naririnig
ang pagtawag ng kulilíng,
kapagka iyong inu'it
ay iba na ang hihiging.
Kungdi lalaki'y dalaga,
kung minsán nama'y... *¿diálogo*
ng *nobiyo't teleponista?*
kungdi nama'y tinig... *toro.*
Sunód na sa mga iyan
itong mayayaman nating
mapagkamót lang ng tiyan,
nguni't silá ang madaíng.
Ayaw maggugol ng pilak
ni ayaw magmunimuni,
kaya't puhunan sa labás
ang siyang *namumunini.*
Ang sunód sa mayayaman
ay ang mga tusong *tahur,*
pagka't sa sabong ma't sugal
sila ang naka... dadambóng.
Sa Maynila ay marami:
si Ambô, Juanso't ibá pa,
na ang ibig araw gabi'y
manók at saka *baraha.*
Sa lalawiga'y meron din,
belbigracia kung sa Rizal,
¿sino pa ang hahanapin
kungdi lang si aling Pilar?...
Pili na, Juán, ayán siláng
matatalino sa *mundo*
bundát, busóg, malaya pa't
hindi *kútusing* para mo.
Bukod diya'y meron pa ring
sa *kuwarta'y namumugaga,*
silá ang pinakakain
niyáng *presupuestong* luma.
Si a Esmit, Porbs, Woster
Trini, Lugarda, Suriaga,
Carpenta, Haisa, Poel,
Lau, Nosom Gardin, Mepa.
Esoreng, Barus, Trabidhe
Huges, Praim, Sacrit Hiat
at madlang patáy sa rami
na... etcétera kaligay.
Nguni't ¿sino namáng iná
ng lahát na mga... ito?
takpán ninyo ang tainga't
BUNG, ang INSULAR TESORO...

Ehem, ehem!

MANGLILIPA

⚜ ⚜ ⚜

Busal at butil

—(:)—

Vice gobernador na si Forbes.

At comisionado naman si Gilbert.

Si Wright ay magiging kalihim digma.

At si Taft kundi magbubulaan ang pagka kagalang-galang ng tiyan niyang malakí, ay anyó namang mapapahalili kay Roosevelt.

At ang mga taong ito'y pawang dito sa Pilipinas galing kundí man nangáririto pa.

Tálagá yatang ang Pilipinas ay siyáng hagdan sa pagtaás.

Pinakaunang bato kun baga sa monumento.

At piyaña kun sa santo namán.

***

Si Worcester lamang ang hindi na nápataas.

Diwa'y napapakó na nga sa secretaria del Interior.

O baka naman talagang ayaw niyáng talikdán ang pangangalaga sa mga igurot at ita.

Na marahil lalong minamabuti ka'y sa humawak ng isáng katungkulang mataástaás.

Nguni't kakatwa ang nangyayari.

Tila may sumusumpa kay Worcester.

Siya'y inuusig yata ng masamang anino.

Gayong siya pa naman ang sa lahat ng mga komisionado ay magandang lalaki, huwag lamang isásali sa páligsahan si Shuster, isa pa ring tila hindi na mapapataas.

Bakit kaya?

***

Nguni't hindi ba sinabing maglalagay ng comisionadong filipino?

Kailán pa itó mangyayari?

Pagputi ng uwák?

Kung gayong ay... tapos na ang kay mundong ilaw.

***

Ang bill Adriático ay di nakaraáng buo sa Comisión.

Tinabasan at pumangit tuloy.

Dadalawang halal ng bayan sa piling ng apat na ilalagay ng gobierno, ang magiging bibig ng Maynila.

Sapát na kaya itó?

Hindi nga, nguni't siya nilang ibig mangyari.

At katungkulang natin ang sumunod.... kahi't nagpuprusisyon ang ating mga butsé!

Sa pagka't ang katohanan namang masasabi'y hindi inasahan ang ganyáng pagtabas.

Hinding hindi.

Dahil sa hindi tumutugon sa mga kaluwagang hinihingi.

At wala na.

***

Arúy ko Diyos ko't..... nagbabagon na raman ang mga pederal.

Nagkamali akó: mga progresista palá.

Naglagay silá ng bagong pamunuan,

Na aywan kung may magagawa nga upang maitaás ang nakalupaging siglá ng *progresismo*.

At ang bagong pamunuáng itó ng progresismo ay kinábibilangan ni Alemany.

Si Alemaning, may damdaming malakí ngayon at ang samá ng loob ay gayon na lamang.. ..

Tignán natin kung anó ang paggágagawin nila.

At ating subukin kung di matatapos sa isa na namang lindol na ikábabagok ng mga diyusdiyusan.....

***

Sa isáng pahayagan ay nábasa ko ang sumusunod.

Si G. . . . , . ay naghandog ng brillante sa ginagawáng korona para sa Virgen del Rosario.»

Kagandahan loob itong dapat purihin habang panahon.

Nguni't masama lamang at hindi bagay sa panahong itó ng paghihirap.

Sapagka't diya'y may mga taong di kumakain, walang mágawan at namamatay na ng gutom.

At saka ang mga paghahandog na ganyan kun panahon ng tagutóm at pananalát, ay hindi kagiliwgiliw sa mata ng Diyos.

Gayon ma'y ilalogó ng kayamanan ng mayayaman na at kapuripuring gawa, i an....

***

Tapos na ngayón ang pagpupulong ng Asamblea.

Sa isang taón na natin mákikita:

ang malaking taong si Dorillo.
ang makisig na si Vera.
ang malipundok na si Orense.
ang matangkad na si Velarde.
ang pusturiosong si Singson.
ang maliksíng si Paterno.

Tapós na rin namán ang mga talumpating may kahalong bombo at pumpiyáng at walang nalabi kundi ang naulilang salón.

***

At makisig ang pangkatapusáng pasyá ng Kapulungang-bayan natin

Tungko! sa pagsasarilí, na mithí at layong talaga ng Kapilipinuhan.

Walang humadlang sa pasyá kundi ang labinlimang pederal sa Asamblea.

Talagang ang mga pederal ay may katibayang loob din namán Kung hindi ba'y ano't mangangahás silang magsabi na ibig din nga raw ang pananarili datapwa't huwag lamang ngayón at tayo'y hindi pa nakahanda?

Anó pa kayang pagkakahanda ang ibig?

***

Hindi raw minabuti ng Gobernador general ang gatong pasyá ng Asamblea.

Sabihin pa, talagang di nga siya makasasangayon.

Nguni't anó ang magagawa siyang ibig ng bayan at sa suliraning ito'y walang haring makapag-uutos kun di ang bayan lamang.

At ang ayaw maniwala at sumang ayon ay gumamit ng *bromuro*, upang huwag magkaroon ng *nervios*.

***

At ang sugalan sa Sampiro?

Wala na raw.

Nguni't sinásabi g na sa Pasay naman

At doon tila namumugad ng pamumugad na walang kasindaksindak.

Na bakit ganitó?

Magtanóng kayo sa mga manghuhula!

***

Isang iglap na lamang at may halalan na naman tayo.

Isang kinatawan sa hilaga, at dalawang kagawad ng Municipyo.

Tatlong luklukan itóng pag aagawanán na naman.

At mákikita ninyó ang mangyayari kung anó.

Kanikanyang pagpuri sa sarili, kanikanyang pagsasabi ng kabutihang tagláy . . . at ang mga kasamaa'y itatago upang huwag makita.

***

Humanda na tayo sa pagkakikig ng tayngа sa mga talumpati.

Humanda na tayo sa mga pagdalaw ng mga muñidor.

At humanda na rin tayo sa pagsigaw ng ¡viva!

Kagagawang kung may halalan ay nagkakahalagá ng isáng minindál, ng isa kayang hapunan ó ng písepísetang... pangkalesa na ibinibigay ng mga kandidato.

Para sa ilán katao ay maanong may halaian oras oras.

Di sana'y maliligtas sila sa mga paghapdi ng tiyán!

***

Ang talumpati ng Speaker ay siya ngayong tungo ng lahat na salitaan. Marami ang napapahanga sa matatalinong pangungusap na naroroón, at pati mga naiiít sa kanya ay ganito na ngayon kung magsalita.

—Talagáng mainam nga, paano'y sa akin siya nagtanóng, at ang *opiniones* ko ang nasunod na lahat..

May mga tao nga namang mga kaawaawa na ay mga *pobres de espiritu pa*, gaya ng tawag sa kanila ni P. Astete

KULAS KULASISI.

COLECCIÓN

——DE——

LIPANG KALABAW

desde el núm. 1 al 33 inclusive

1.a EPOCA

Se vende encuadernado á -P- 6.

CONCEPCION 42.—QUIAPO.

AVENTURAS DE UN CURANDERO

Toma granuja, mal caballero! Te portas como tus gallos. Ese baño apagará tus ardores bestiales.

—Perdon Minda mía, Diana, Venus preciosa. No volveré a escalar ese cielo que no es para este pobre sabungero.

PALILIGONG DI KINUKUSA

ANG BABAE—¡Ay ano sa akin kung herbolario kay Wala namang may sakit dito sa ami'y mangagahas kang umakyat ng walang sabi sabi. Eto ang iyo!

ANG HERBOLARIO—Patawad aking Venus, patawad aking Minda, patawad aking Diana, patawad aking Deni, hindi na akó úulit!

MÁQUINAS PARA COSER
MÁQUINAS PARA Bordar

SINGER

Escolta 33 MANILA

PAGOS SEMANALES.



Asma, complicada con reuma articular y siferolitis del hipocondrio; fiebre, 40 grados; debilidad general. Eso no es nada, amigo.

¿Nada; y tengo dispenfirolitis, y reuma, y asma? Ya lo decia mi Señora madre política: ¡Prepárate, hijo mío, para una buena muerte. . . . . .

—Todo esto desaparece fumando cigarrillos *Germinal*, Comillas 4.

Desde su fundación, la *Orquesta Rizal* ha sido indispensable en toda fiesta social ó política.

Al compás de sus vibrantes y armónicas notas, han bailado el ilustre gobernador Taft, la gentil Mrs. Longworth, née Roosevelt, tal cual senador ó representante y una infinidad de distinguidos forasteros. Todos aseguran que la Orquesta Rizal puede compararse á las mejores del mundo.

RESTAURANT

LA BRISA FILIPINA

Jaboneros 161—163.

—Las personas de paladar delicado, Frecuentan este restaurant. Ya verás que menú

—Pues, si es así, espero que me traerás aqui todos los dias.



Fábrica de Pianos de Pio Trinidad

RONQUILLO, STA. CRUZ.

Los pianos que fabrica esta casa han llamado poderosamente la atención en el Extranjero, por la calidad de las maderas de la caja, por el metal de su voz y por su forma artística. Ya rivalizan con los mejores del mundo.

El que quiera comprar ó vender ventajosamente alhajas ó papeletas de empeños debe acudir á

J. MOLINA, Clavel n.o 145.—Binondo.

Las condiciones que ofrezco á mis clientes, no pueden ser más ventajosas y seguras. Lo atestigua mi sólida reputación.

¡MGA KAAWAAWA!

Sinama rin at inalat
ang mg̃a dating pakakak
ng̃ pagka di raw marapat
ng̃ may kayang Pilipinas,
Kayá "fin del mondo" na raw
at tapos na ang nilugaw
na dating kaligayahan
ng̃ maliliksíng pederal.

EL BARRIDO GENERAL

—La guillotina, no, para suprimir esta basura, con la escoba me basta.

—Hija, por desgracia me han declarado cesante, y por tanto, ya vez que no tenemos para pagar la casa y sufragar los gastos de este mes. No encuentro otro medio, que suplicarte acudas á alguna Agencia de empeños.

—Ahora mismo voy, á la Agencia de empeños de Zacarias de Guzman, establecido en la calle de Villalobos N.o 44, Kiapo, en donde se dá buen precio á las prendas con interés módico. Puedes, pues, estar tranquilo.

Agencia de Empeños, Calle Villalobos N.o 44, Kiapo

Margarita (*extasiada*). —¡Oh, que joyas tan preciosas! El galan ha rendido mi corazón. Nadie se resiste tratándose de alhajas procedentes de LA ESMERALDA

Escolta 9—11 Manila

—¡Qué ricos y abundantes platos sirve este Restaurant Manila.

—¡Qué bien condimentados!

—¡Qué sorbetes, señores! ¡Jamás los he probado igual!

—No les extrañe nada de esto, por que la fama de este Restaurant es Universal.

PLAZA STA. CRUZ

A nuestros favorecedores

Este Semanario Satírico no admite suscripcio es; pero, en cambio, se despacha en Manila á DIEZ CÉNTIMOS número en casi todas las Librerias establecidas en esta capital y en las calles de la ciudad.

Para los Estados Unidos y provincias de las Islas Filipinas, -P- 3. pago anticipado por veinte números, ó sea -P- 0'15 número con el franqueo.

Para los demás pais del Extranjero, -P- 4. pago anticipado, tambien por 20 números ó sea á -P- 0'20 número.

El número de nuestra tirada asciende á 3.500 ejemplares.

Los precios de los **anuncios ilustrados** publicados en este Semanario, está al alcance de todo el comercio, en general, hasta de los más modestos industriales.

—Osted dispensarme, señor: mi quiere saber donde puedo comprar un sombrero como ese, tan ligero, tan elegante, blanco como la nieve y sin costura. Mi quiere llevar muchos á mi pais, en London.

—Ya se conoce que es V. forastero. Aquí nadie ignora que estos sombreros salen de la fábrica de

Vicente Liwanag

Lemery 149 Tondo

Pregunte por LENTES TORICAS

Las nuevas lentes de mucha curvatura.

La mejor para sus ojos.

Fabricadas por

CLARK & Co.
SCIENTIFIC OPTICIANS
76 ESCOLTA, MANILA, P.I.

Altos de la Botica Inglesa

—Los chocolates de "LA BILBAINA" no tienen rival.

—Productos puros, inmejorables. Fabricación esmerada.

—Ninguna ama de casa prescindirá de los chocolates de "LA BILBAINA" en cuanto los pruebe, pues son alimento sano, al par que delicioso.

Pedirlos á Pujalte y C.a

229 Muelle del Rey Telefono 366.

Sus gracias pródiga ofrece
la diosa gentil y amada
á esta casa que á su amparo
la prosperidad alcanza.

Los exquisitos bizcochos
que "LA FORTUNA" despacha
los derrama esta deidad
del cuerno de la abundancia.

Calle de Dolores, Santa Cruz.

ARMERIA Y CERRAJERIA
DE
MARTIN G. LONTOC
Crespo N.o 114—Quiapo. Telefono 4353

Reparacion de toda clase de armas de fuego por complicadas que sean; se hacen cuñatas de todos sistemas, cocinas de hierro reparaciones de fonógrafos, cajas de caudales, maquinas de escribir y de coser, quinqués mecánicos. Especialidad en empavonáciones.



PEDRO de JESUS
E HIJO
MARMOLLISTAS Y TALISTAS
Calle de Crespo Quiapo

Lapidas, monumentos, pilas, estatuas, imagines y toda clase de obra de talla abonan la falta de Pedro de Jesus.

LAVANDERIA
de B. PINEDA

Aquí se lava la ropa de modo irreprodraole.

Blancura y brillo en la ropa blanca, especialmente las camizas y los cuellos.

Esmero por la concertacion de las prendas precision y baraturas.

Calle S. Pedro Nos. 127 y 129 Sta. Cruz Telefono No. 4114